
# Pagharap sa Malubhang Karamdaman: Pagpapaalam ng Iyong mga Kahilingan

Ang Iyong Gabay sa POLST
(Mga Utos ng Doktor para sa Paggamot na Nagpapahaba ng Buhay)

SAMPLE: Not for reproduction

Punjabi



## POLST: BAKIT MAHALAGA ITO

Ang pagsiguro na alam ng iyong mga mahal sa buhay at mga doktor kung anong uri ng medikal na paggamot ang nais mo hanggang sa wakas ng iyong buhay ay napakahalaga. Subalit hanggang nitong kamakailan, walang maaasahang paraan upang gawin ito. Dito pumapasok ang POLST.

SAMPLE: Not for reproduction

Ang POLST (Physician Orders for Life-Sustaining Treatment) ay isang form na maliwanag na nagsasabi kung anong uri ng medikal na paggamot ang nais ng mga pasyente hanggang sa wakas ng kanilang buhay. Naka-print sa bright pink na papel, ang POLST ay tumutulong sa mga pasyenteng may malubhang karamdaman na mabigyan ng higit pang kontrol sa kanilang paggamot. Ang form ay nilagdaan ng pasyente at ng kanyang doktor, nurse practitioner o assistant ng manggagamot. May bisa pa rin ang form kung kalaunan ay mawalan ng kakayahan ang pasyente na sabihin kung ano ang gusto niya.

Tutulungan ka rin ng POLST na makipag-usap sa iyong health care team at sa iyong mga mahal sa buhay tungkol sa iyong mga pagpili. Sa ganitong paraan, makatutulong ang POLST upang mabawasan ang pagdurusa ng pasyente at pamilya, at matiyak na alam at iginagalang ang iyong mga kahilingan.

Tutulungan ka ng brosyur na ito na alamin ang higit pa tungkol sa POLST.

*"Dahil gumawa ang aking ina ng sarili niyang mga desisyon sa pamamagitan ng pagsagot ng isang POLST form, hindi ko na kailangang hulaan pa kung ano ang gusto niya. Dahil dito, napanatag siya at ang aming pamilya."*

— Paul Waterstraat, Davis, CA

SAMPLE: Not for reproduction



# TUNGKOL SA POLST

Narito ang mga sagot sa mga madalas itinatanong tungkol sa POLST.

## Ano ang ginagawa ng POLST?

- **Ipinaaalam ng POLST ang iyong mga kahilingan sa paggamot sa mga doktor at sa ibang miyembro ng iyong health care team.** Napakadalas na ang mga pasyenteng malapit nang mamatay ay maaaring makatanggap ng paggamot na ayaw nila. Ang mga paggamot na ito ay maaaring hindi makatulong sa kanila na mabuhay nang mas mahaba o mas mabuti. Minsan, ang paggamot na ito ay nakakapagdulot ng kirot. Binibigyan ka ng POLST ng paraan upang sabihin sa mga doktor, nars, at ibang miyembro ng health care team kung anong uri ng paggamot ang gusto mo.


- **Nililinaw ng POLST ang iyong mga kahilingan sa mga miyembro ng iyong pamilya at mga caregiver.** Minsan, ang mga miyembro ng pamilya ay may sariling mga ideya tungkol sa kung anong uri ng paggamot ang nanaisin ng kanilang mga mahal sa buhay. Tinitiyak ng POLST sa mga miyembro ng iyong pamilya at mga caregiver kung anong mga paggamot ang gusto at hindi mo gusto. Walang sinuman ang kailangang mag-isip o makipagtalo.

## Sino ang dapat magkaroon ng POLST?

Sinasabi ng mga doktor na ang sinumang pasyente na may malubhang sakit ay dapat magkaroon ng POLST form. Ang pagsulat sa isang POLST ay lubos na nakadepende sa iyo. Desisyon mo ito.

SAMPLE: Not for reproduction





**Iba ba ang POLST sa isang Advance Health Care Directive?**

Oo. Ang isang Advance Directive ay nagpapahintulot sa iyo na piliin ang taong nais mong magsalita para sa iyo, at magbigay ng pangkalahatang gabay sa kung ano ang nais mo.

Iba ang POLST dahil:

- Ang POLST ay para sa may malubhang karamdaman;
- Sinasabi ng POLST ang iyong eksaktong mga kahilingan tungkol sa ilang medikal na paggamot;
- Ang POLST ay isang nilagdaang medical order na maisasagawa ng iyong health care team; at
- Kasama mo ang POLST sa iyong bahay, sa iyong ospital, o sa iyong ong-term care facility. Kasama mo ito kung saan ka pupunta.

*Isang mabuting ideya na ang mga taong may malubhang karamdaman ay may Advance Directive at POLST form.*

SAMPLE: Not for reproduction

**Sino ang makakatulong sa akin na punan ang POLST form?**

Ang iyong doktor, nars, social worker, o chaplain ay makatutulong upang punan ang POLST form. Tiyaking makipag-usap sa iyong health care provider tungkol sa mga paggamot na gusto mo o hindi mo gusto. Ang form ay dapat lagdaan ng iyong doktor, nurse practitioner o assistant ng doktor, at dapat din ninyo itong lagadaan ng taong napili mo upang magpasiya para sa iyo.

**Ano ang gagawin ko sa aking POLST form?**

Kapag nalagdaan na, ang POLST form ay magiging bahagi ng iyong medikal na rekord. Kasama mo ang form sa lahat ng pagkakataon.

- Kung ikaw ay nasa bahay, ilagay ito malapit sa kama mo o sa iyong refrigerator.
- Kung ikaw ay nasa ospital, nursing home, o assisted living facility, ito ay nasa iyong tsart o file.
- Kung ililipat-lipat ka sa mga lokasyon, kasama mo ang POLST form.

**Paano kung gusto kong baguhin ang aking POLST form?**

Mababago mo at ng iyong doktor ang iyong POLST form sa kapag gusto mo.

# POLST: ANO ANG IBIG SABIHIN NG MAPAGPIPILIANG PAGGAMOT

Inililista ng POLST form ang ilan sa medikal na mga paggamot na maaari mong tanggapin o hindi. Matutulungan ka ng iyong doktor, nurse practitioner o assistant ng doktor na magpasiya kung aling mapagpipiliang paggamot ang pinakamakatutulong sa iyo na maabot ang mga tunguhin mo para sa iyong pangangalaga.

- **Resuscitation:** Ang Cardiopulmonary resuscitation, o CPR, ay kapag susubukan ng isang tao na ibalik ang iyong paghinga at tibok ng puso pagkatapos nitong huminto; Ang CPR ay maaaring umubra o hindi. Dapat ay diinan nang husto ng taong gumagawa ng CPR ang iyong dibdib para muling patibukin ang iyong puso. Maaari din siyang gumamit ng electrical shock (defibrillation). O, maaaring maglagay siya ng tubo sa loob iyong lalamunan upang tulungan kang huminga (intubation). Ang isang makina ay maaari ding magbomba ng hangin papasok at palabas ng iyong bagà sa pamamagitan ng tubo (mechanical ventilation/respiration).

  Ang resuscitation ay maaaring makatulong sa mga malulusog na tao, subalit hindi ito kadalasang nakakatulong sa mga taong may malubhang sakit. Maaari itong maging sanhi ng pagkabali ng tadyang o pagkabutas ng baga. Kahit na tumibok ulit ang puso, maaaring mapinsala ang utak dahil sa kawalan ng hangin. Ang mas matatandang mga pasyente at iyong may malubhang karamdaman ay kadalasang nawawalan ng pisikal at mental na kakayahan kahit na tumibok ulit ang puso.

- **DNR:** Ang Do Not Resuscitate (o DNR) ay isang medikal na utos na huwag subukan ang resuscitation dahil ayaw ito ng pasyente o dahil hindi ito makakatulong. Ang DNR ay tinatawag din na *Allow Natural Death o Hayaan ang Natural na Pagkamatay.*

- **Paggamot na Nakapokus sa Kaginhawahan:** Laging ibinibigay ang mga medikal na paggamot na ito. Sinadya ang mga ito para komportable ang pakiramdam mo at mabawasan ang iyong kirot. Hindi ginawa ang mga ito upang mapahaba ang iyong buhay.

- **Antibiotics:** Nilalabanan ng mga antibiotic ang mga impeksiyon tulad ng pulmonya, at binabawasan ang mga sintomas at kirot na dulot ng mga impeksiyong ito. Hindi nito pinapawi ang pagdurusa na dulot ng iba pang kundisyon.

- **Intravenous (IV) Fluids:** Ito ay mga likido na ipinapasok sa iyong katawan sa pamamagitan ng tubo na inilalagay sa isang ugat. Karaniwan, ang mga IV fluid ay ibinibigay sa maikling panahon upang matulungan kang makayanan ang isang espesipikong sakit.

SAMPLE: Not for reproduction

- **Artificial Nutrition/Tube Feeding:** Ito ay isang paraan ng pagpapakain sa isang tao sa pamamagitan ng tubong inilalagay sa kanyang ilong o direkta sa balat papunta sa kanyang tiyan. Ang tube feeding ay makatutulong sa mga taong hindi makalunok ngayon, ngunit inaasahang bubuti pa. Gayunman, ang mga taong malapit nang magwakas ang buhay ay maaaring mas komportable na walang feeding tube at nais kumain kung anong kaya nila gamit ang bibig. Ang tube feeding ay maaaring magdulot ng pneumonia, at maaaring magresulta ng pamamaga at impeksiyon.

  Habang papalapit nang magwakas ang buhay ng isang tao, bababa ang pangangailangan niya sa pagkain at likido. Sa panahong ito, ang kanilang mga katawan ay hindi nakagagamit ng pagkain at likido gaya ng taong malusog. Kapag malapit nang magwakas ang buhay, ang tube feeding ay mas nagpapalala talaga sa kabag at hirap na nararamdaman.

Mahalagang maunawaan mo kung ano ang ibig sabihin ng bawat opsyon na ito, kaya tiyaking makipag-usap ang iyong doktor, nurse practitioner o assistant ng doktor bago ka gumawa ng anumang mga pasiya. Pagkatapos ay makapipili ka kung anong paggamot ang gusto mo at hindi mo gusto.

SAMPLE: Not for reproduction



*"Kapag ang mga pasyente ay may POLST form, alam namin kung ano ang eksaktong mga paggamot na gusto at ayaw nila. Inaalis nito ang anumang kalituhan, at nagbibigay ito sa mga pasyente ng kapayapaan ng isip."*

— Steve Lai, MD, Santa Clara County, CA

SAMPLE: Not for reproduction

Upang alamin ang higit pa tungkol sa California POLST, mag-log on sa:

www.caPOLST.org

POLST CALIFORNIA

PHYSICIAN ORDERS FOR LIFE-SUSTAINING TREATMENT

Ang Coalition for Compassion Care of California (CCCC) ay naglalaan ng pangunguna at pangangasiwa sa mga ginagawang POLST outreach sa California, na sinusuportahan ng California HealthCare Foundation.

Tagalog